BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard 604 707 2692
TB Services Fax 604 707 2690

www.bccdc.ca

LEVOFLOXACIN
LEVOFLOXACIN

Ang Levofloxacin ay isang antibiotic na ginagamit sa paggamit ng mga impeksyon na dulot ng bakterya, kabilang ang **tuberculosis (TB).**

Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)

- Ang levofloxacin ay maaaring inumin nang may pagkain o wala.
- Inumin ito gamit ang isang punong 8 oz (=240 mL) na baso ng tubig sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.
- Uminom ng maraming baso ng fluids buong araw.

Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)

- Mahalagang-mahalagang inumin mo ang Levofloxacin ayon talaga sa iniutos ng iyong doktor.

Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)

- Ang Levofloxacin ay dapat inumin kahit man lamang **2 oras bago o 2 oras pagkatapos** inumin ang sumusunod:
  - antacids na naglalaman ng aluminum, calcium at/o magnesium (halimbawa, Maalox®, Mylanta®, Rolaids®)
  - sucralfate (gamot sa ulcer)
  - mga suplementong naglalaman ng calcium, iron, o zinc.

Bago inumin ang **LEVOFLOXACIN**, siguraduhing sabihin sa iyong doktor, nars, o parmasyotiko ang lahat ng gamot (kabilang ang mga hindi nangangailangan ng reseta) na iniinom mo. HUWAG simulan ang isang bagong gamot nang hindi kinokonsulta ang isang doktor o parmasyotiko.

Ano ang ilan sa posibleng side effects o masasamang epekto? (What are some possible side effects?)

LEVOFLOXACIN (pagpapatuloy)
LEVOFLOXACIN (cont'd)

- alibadbad, pagsusuka, diarrhea
- sakit ng ulo
- pagkahilo o parang magaan ang ulo
- hindi makatulog

Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:

- singaw sa balat, pamamantal, o kahirapang huminga
- 'di-regular na pagtibok ng puso o pananakit sa dibdib
- pananakit sa kalamnan, tendon, o kasu-kasuan
- masakit, mahapdi, kumikirot, namamanhid, o mahinang mga kamay o paa
- paninilaw ng balat o puting bahagi ng mga mata
- pagbabago sa paningin o problema sa paningin
- grabeng pagtatae o pagtatae na may dugo
- anumang ibang walang-tigil na side effects

Sabihin sa iyong doktor kung nakararanas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi binanggit sa information sheet na ito.

Maaaring madulot ng kaantukan o pagkahilo ang levofloxacin. Mag-ingat kapag **nagmamaneho, gumagamit ng makinarya,** o may ginagawang delikadong bagay.

Maaaring madaling masunog ang balat kapag umiinom ng levofloxacin. Iwasan ang sobrang pagkalantad sa sikat ng araw o artipisyal na ultraviolet light (halimbawa, tanning beds, sunlamps). Gumamit ng sunscreen o magsuot ng kasuotang nagbibigay-proteksyon.

Kung ikaw ay diabetic, regular na patingnan ang iyong blood glucose levels habang iniinom ang gamot na ito.

Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay buntis, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong pasusuin ang iyong sanggol.

Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata
- Mga tabletas: Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang malamig at tuyong lugar.

Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: _____

Vancouver TB Services Clinic:	604-707-2692
New Westminster TB Services Clinic:	604-707-2698
BCCDC Vaccine and Pharmacy Services:	604-707-2580